Sa pagpaparami ng halaman, may iba't-ibang bahagi nito ang ginagamit upang itanim. Kalimitan dito ay buto ang ginagamit. Subalit, may mga halaman na maaari nating paramihin sa pamamagitan ng pagputol sa mga parte o sanga nito.

Ang mga sumusunod ay mga uri ng halaman kung saan ang mga sanga nito ang ginagamit sa pagpaparami:

- **Halamang Prutas (Fruit Trees)**

**Pamamaraan sa Pagputol ng Sanga**

1. Pumili ng sanga na katamtaman lang ang gulang (hindi masyadong mura at hindi rin masyadong magulang). Siguraduhing malusog at walang sakit ang punong pagkukunan.



*Kalamansi*

2. Gamit ang matalas na kutsilyo o gunting, putulin ito ng may anim (6) na sentimetro o 2.4 pulgada ang haba. Siguraduhing malinis ang pagkakaputol.

- **Halamang Herbal (Herbal Plants)**

Ito ay mga halamang ginagamit sa medisina at pagluluto. Ilan sa mga ito ay ang tarragon, basil, choco mint, herba buena, mayana at stevia.

**Pamamaraan sa Pagputol ng Sanga**

1. Pumili ng talbos ng halamang herbal na katamtaman ang gulang upang mapabilis ang pagpapa-ugat. Siguraduhing malusog at walang sakit o peste ang halaman.
2. Gamit ang matalas na kutsilyo o gunting, putulin ito ng may anim (6) na sentimetro o 2.4 pulgada ang haba. Siguraduhing malinis ang pagkakaputol.




*Stevia*

- **Halamang Pandekorasyon (Ornamental Plants)**

**Pamamaraan sa Pagputol ng Sanga**

1. Pumili ng sanga o talbos ng halamang pandekorasyon na katamtaman ang laki at gulang. Siguraduhing malusog at walang sakit o peste ang halaman.



*Pandacaqui*

2. Gamit ang matalas na kutsilyo o gunting, putulin ito ng may anim (6) na sentimetro o 2.4 pulgada ang haba. Siguraduhing malinis ang pagkakaputol.

## PAMAMARAAN SA PAGTATANIM

Pagkatapos na putulin ang wastong bahagi ng halaman, narito ang pamamaraan sa tamang pagtatanim at pagpaparami ng halaman sa pamamagitan ng sanga nito:

1. Putulin ang kalahating bahagi ng mga dahon. Ito ay upang hindi agad matuyo ang halaman dahil wala pang ugat na susuporta sa kakailanganing tubig at sustansya.



*Pagpuputol ng dahon*

2. Pagkatapos na maputol ang dahon, itusok ito sa nakahandang plastic bag na may lupa. Mas maganda kung matabang lupa ang gagamitin.
3. Upang mapanatili ang halumigmig ng halaman, takluban ito ng plastik na bote na hinati sa gitna. Maaaring gamitin ang mga nagamit nang bote ng softdrinks o mineral water. Siguraduhin lamang na ito ay nahugasan o nalinisan.



*Pagtataklob ng plastik na bote*

Karaniwang tumatagal ng apat (4) na buwan ang pagtataklob sa kalamansi bago ito alisin. Habang ang halamang herbal at pandekorasyon ay umaabot ng tatlong (3) linggo.

4. Regular na obserbahan ang mga pinutol na parte ng halaman. Kung may nakita nang bagong suloy (sprout), alisin na ang taklob na bote. Huwag galawin ang parte ng halaman upang hindi ma-stress.
5. Panatalihin ito sa may lilom na hindi direktang nasisikatan ng araw.

6. Pagkatapos ng isang (1) linggo pagkatanggal ng taklob, unti-unti itong sanayin sa may sikat ng araw. Sa pagsasanay ng halaman sa sikat ng araw, mainam kung ilalabas ang halaman ng isang oras sa isang araw at sa mga susunod na araw ay unti-unting dagdagan ang oras na nasa labas ang halaman hanggang sa masanay na ito.

**PAMAMARAAN SA PAGDADALA O PAGBABYAHE NG PINUTOL NA SANGA NG HALAMAN**

Kung ang pinutol na sanga ay galing sa ibang lugar at kailangang ibyahe ng malayuan, narito ang mga pamamaraan sa tamang pagdadala o pagbabyahe nito:



1. Kumuha ng plastik na bote ng softdrinks o mineral water. Tanggalin ang laman, hugasan at patuyuin.
2. Ilagay ng maayos ang mga pinutol na halaman at takluban ito ng mahigpit nang mapanatili ang halumigmig ng halaman.
3. Huwag agad alisan ang taklob kung hindi pa nakahanda ang lupang tataniman.

   **Paalala:** Isang linggo lamang tumatagal ang halamang nasa bote.

4. Siguraduhing basa ang lupang pagtataniman bago itanim ang pinutol na sanga.

Hango sa teknolohiya at karanasan ni G. Jay-ar B. Madriaga, Agriculturist I

AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center - MiMaRoPa
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph
(02) 359-1967;
0917-8432654; 0939-9166473
www.ati.da.gov.ph/ati-4b

@atimimaropa

